
1

# MUSIC

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Magkaiba




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_Music1_Module3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Magkaiba**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit malibansa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene R. Mendita

**Editor:** Jaima J. Pineda, Jean Rarama

**Tagasuri:** Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez**,** Denis M. Agbayani, Amador C. Cabalonga

**Tagalapat:** Arlene R. Mendita, Emmanuel S. Gimena Jr., Patson P. Opido

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Denis Agbayani
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Amador C. Cabalonga
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Magkatulad at Magkaiba

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Ang modyul na ito ay naihanda upang makilala anganyo ng musika. Kailangang makilala natin na may magkakatulad at magkakaibang linya ng awit.

Sa pamamagitan ng mga kasanayan sa Modyul naito, inaasahang makikilala mo ang **magkakatulad** at **magkakaibang linya ng awit.**

Pagkatapos ng mga kasanayan sa modyul na ito,inaasahang:

- Makikilala ang magkatulad at magkaibang linya ng awit.(Q2/Wk4-MU1FO-11e-2)



# *Subukin*

**Gawain 1**

**Panuto:** Iguhit ang tatsulok △ kung ang linya ng mga awit ay magkatulad na tono at parihaba ▭ kung ang linya ng mga awit ay magkaiba ang tono. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



“**Natutulog”**

*(Tono: Are You Sleeping)*

1. Natutulog
2. Natutulog
3. Si bunso
4. Si bunso
5. Tumahol ang aso
6. Tumahol ang aso
7. Nagising si bunso.

1. Linya 1 at Linya 2 ___________
2. Linya 2 at Linya 4 ___________
3. Linya 3 at Linya 4 ___________
4. Linya 1 at Linya 4 ___________
5. Linya 5 at Linya 6 ___________

Aralin 1

# Magkatulad at Magkaiba


## *Balikan*

**Panuto:** Bilugan ◯ ang mga notang nagpapakita ng melodic pattern na **mi-re-do.** Gawin ito sa sagutang papel.



## *Tuklasin*

**Awitin:**



"Ti-ti-laok"

| | |
|---|---|
| Linya 1 | Ti-ti-laok sabi ng manok Linya 2 |
| | Gising, gising batang tulogLinya |
| 3 | Ang araw ay sumisikat |
| Linya 4 | Ang bulaklak ay namumukadkadLinya 5 |
| | Ti-ti-laok sabi ng manok |
| Linya 6 | Gising, gising batang tulog |

**Panuto:** Sagutan ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagotsa sagutang papel.

1. Tungkol saan ang awit? ____________________
2. Ayon sa awit ang tilaok ng manok ay? _______________________
3. Ilang linya mayroon ang awit? ______________________
4. Ang linyang 3 at 4 ba ay magkatulad ang tono?
   _______________
5. Ang linyang 1 at 3 ba ay magkatulad din?
   _______________

## *Suriin*

Awitin muli ang "Ti-ti-laok". Ano ang napansin mo sa linya 3 at linya 4? Ano naman ang napansin mo sa linya 1 at linya 3?

Sa awit na ito, ang linya 3 at linya 4 ay **magkatulad** na linya dahil sa ito ay magkatulad ang tono. Ang linya 1at linya 3 ay **magkaiba** sa dahilang ang tono ng mga linyang ito ay magkaiba.

| |
|---|
| Sa musika, ang anyo ay isa sa pinakamahalagang elemento. Ito ay makikita sa pagkakatulad o pagkakaibang bawat parirala o linya ng awit. |




## *Pagyamanin*

Narito ang ibat-ibang kasanayan upang lubos mongmaunawaan ang aralin.

**Gawain 1**

Tayo ay umawit.



**"Ten Little Indians"**

Linya 1 One, little two, little three, little Indians

Linya 2 Four, little five, little six, little Indians


Linya 3 Seven, little eight, little nine, little Indians

Linya 5 Ten little Indian boys.

**Panuto:** Paghambingin ang mga linya ng awiting “Ten Little Indians”.
Iguhit ang **puso** ♡ kung ang bahagi ng
awit ay magkapareho ang tono at **bilog** ○ sa mga bahagi
ng awit na may magkaibang tono.
Gawin ito sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| One, little two, little three little Indians<br>Seven, little eight, little nine little Indians | 1. |
| One, little two, little three little Indians<br>Four, little five, little six little Indians | 2. |
| Seven, little eight, little nine little Indians<br>Ten little Indian boys | 3. |
| Four, little five, little six little Indians<br>Ten little Indian boys | 4. |

**Panuto:** Ipalakpak ang kamay kung ang linya ng mga awit ay magkatulad ang tono at ipadyak ang mga paa kung ang mga linya ng awit ay may magkaiba ang tono.



"**Malilit na Gagamba**"

https://youtu.be/U8jKIOhA3ic

| | |
|---|---|
| Linya 1 | Maliliit na gagamba |
| Linya 2 | Umakyat sa sanga |
| Linya 3 | Dumating ang ulan itinaboy sila |
| Linya 4 | Sumikat ang araw |
| Linya 5 | Natuyo ang sanga |
| Linya 6 | Maliliit na gagamba |
| Linya 7 | Ay laging masaya |

1. Maliliit na gagambaSumikat ang araw
2. Umakyat sa sanga
   Ay laging masaya
3. Natuyo ang sanga Maliliit na gagamba
4. Itinaboy sila
   Natuyo ang sanga
5. Dumating ang ulan
   Ay laging masaya

**Gawain 3**

**Panuto:** Awitin ang “Ako ay Maliit na Pitsel”. Lumakad paharap sa mga linyang magkatulad ang melodic pattern, lumakad paatras kung ang linya ng awit ay magkaiba.



**“Ako ay Maliit na Pitsel”**

| | |
|---|---|
| Linya 1 | Ako ay maliit na pitsel |
| Linya 2 | Heto ang tenga, heto ang bibig |
| Linya 3 | ‘Pag ako’y puno na ng tubig |
| Linya 4 | Isalin at ubusin. |

## *Isaisip*

Ang isang awit ay binubuo ng maliit na bahagi na tinatawag na musical **lines/phrases**. Maaaring magkaroon ng **magkatulad** at **magkaibang** melodic pattern ang isang awit.

# *Isagawa*

**Panuto:** Awitin ang "Twinkle,Twinkle Little Star". Iguhit ang tatsulok △ kapag magkapareho ang tono at iguhit naman ang bilog ○ kung ang tono ay magkaiba.
Gawin ito sasagutang papel.

**"Twinkle Twinkle Little Star"**

| | |
|---|---|
| Linya 1 | Twinkle, twinkle little star |
| Linya 2 | How I wonder what you are |
| Linya 3 | Up above the world so high |
| Linya 4 | Like a diamond in the sky |
| Linya 5 | Twinkle, twinkle little star |
| Linya 6 | How I wonder what you are |

______1. Twinkle, twinkle little star,
How I wonder what you are

______2. Up above the world so high,
Like a diamond in the sky

______3. Up above the world so high
How I wonder what you are.

## *Tayahin*

**Panuto:** Ang mga linya ng awit ay mula sa natutunang awitin. Isulat ang letrang **M** kung magkatulad ang tono o ang letrang **DM** kung magkaiba ang tono. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_______1. Tumahol ang aso
Tumahol ang aso

_______2. Ti-ti-laok sabi ng manok
Ang araw ay sumisikat

_______3. One, little two, little three little Indians
Seven, little eight, little nine little Indians

_______4. Umakyat sa sanga
Ay laging masaya

_______5. Maliit na gagamba
Dumating ang ulan

## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Sa iyong sagutang papel kopyahin ang mgalinyang magkatulad at magkaiba mula sa awit na "Twinkle, Twinkle".

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. △
2. ▭
3. △
4. ▭
5. △

**Balikan**



**Tuklasin**

1. tilaok ng manok
2. panggising sa tulog
3. H
4. 6
5. in di

**Gawain 1**

1. S
2. M
3. M
4. S
5. M

**Pagyamanin**
**Gawain 1**

1. ♡
2. ○
3. ○
4. ○

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

6. ipalakpak
7. ipalakpak
8. ipadyak
9. ipalakpak
10. ipadyak

**Pagyamanin**
**Gawain 2**

1. Linya 1-paharap
2. Linya 2-paatras
3. Linya 3-paharap
4. Linya 4-paatras

**Isagawa**

1. △
2. ○
3. △

**Tayahin**

1.
2. M
3.
4. M
5. M

## *Sanggunian*


K to 12 Learner's Materials in Music and Arts Grade 1K to 12: Department of Education.2012.

Teacher's Guide in Music and Arts Grade 1: Department of Education.2012.

"Malilit na Gagamba". https://youtu.be/U8jKIOhA3ic

"Natutulog" . https://youtu.be/rr19G3JAsNk

Revised MELC for Music Grade 1: Department of Education.2020.

"Ten Little Indians". https://youtu.be/yCjJyiqpAuU.

"Ti-ti-laok". https://youtu.be/HZCCo0qLJpI.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph